44-4

Republic of the Philippines
# Department of Education
DepED Complex, Meralco Avenue, Pasig City

SEP 1 0 2009

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 384, s. 2009

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Director ng Rehiyon
Tagapamanihala ng Paaralan
Pinuno, Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Star Literacy Learning Center ay magdaraos ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na gaganapin sa mga sumusunod na petsa at lugar:

| Petsa | Lugar |
|---|---|
| Oktubre 9-11, 2009 | Grand Astoria Hotel, Lungsod ng Zamboanga |
| Disyembre 4-6, 2009 | One's Place Rovers, Palawan |
| Marso 5-7, 2010 | Bohol |

2. Layunin ng seminar na ito na:

a. maragdagan pa lalo ang kaalaman ng mga guro sa Filipino hinggil sa makahulugang pag-aaral ng pilosopiya ng wikang Filipino at pagpaplanong pangwika;
b. magkaroon pa ng higit na karagdagang kaalaman ukol sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo at pagbubuo ng pagsusulit; at
c. mailapat ang mga makabagong inobasyon o estratehiya sa pagtuturo sa silid-aralan.

3. Ang mga dadalo ay ang mga puno/dekano ng kolehiyo at unibersidad, superintendente, superbisor, principal, acting principal, assistant principal, tserman ng iba't ibang departamento, lalung-lalo na ang mga guro at propesor sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya na may interes upang higit na maragdagan ang kaalaman sa larangan ng asignaturang Filipino.

4. Ang seminar fee sa Zamboanga City ay PhP2,800.00 na binubuo ng kit, apat (4) na snacks, (2) dalawang tanghalian at mga kaukulang gugugulin para sa tagapagsalita. Ang mga delegadong may interes tumira sa hotel ay maaaring magbayad ng PhP365.00 bawat delegado sa bawat gabi ng pagtira sa nasabing hotel. Ang seminar fee sa Palawan at Bohol ay PhP3,800.00 at ang akomodasyon ay PhP650.00 bawat delegado sa bawat gabi ng pagtira sa hotel.

5. Para sa iba pang impormasyon, maaari pong makipag-ugnayan kina Gng. Amor Dejelo at Gng. Maria Elena Flores sa cellphone blg. 0906-271-4865 ; 0919-621-2425 at 0927-554-6112 o di kaya sa e-mail address : aidz_sem@yahoo.com.

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RAMON C. BACANI**
Pangalawang Kalihim

Sanggunian :
Memorandum Pangkagawaran : Blg. 157, s. 2008
Pamumudmod : 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa :

Learning Area, FILIPINO
OFFICIALS
SEMINARS
TEACHERS
WORKSHOPS

Sally : pambansang seminar-worksyap sa filipino
(zamboanga, palawan, bohol)
Agosto 28, 2009